Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7;4
6-7-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG MAYO 23, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 178-T2011

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY-KAPANGYARIHAN SA KAGALANG-GALANG PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA PUMASOK AT KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAGLAGDA SA ISANG KASUNDUAN UKOL SA ISANG COMPROMISED AGREEMENT HINGGIL SA PARAAN NG PAGBABAYAD NG UMUUKUPA SA PWESTO SA PAMILIHANG BAYAN.**

**SAPAGKA'T,** iniliwat ng Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban sa sangguniang ito ang kanyang kahilingang pumasok at katawanin ang pamahalaang bayan sa paglagda sa isang compromised agreement hinggil sa paraan ng pagbabayad ng umuukupa sa pwesto sa pamilihang bayan;

**SAPAGKA'T,** ito ay tinalakay, sinuri at pinag-aralan ng Lupon sa Batas at Lupon sa Pamilihang Bayan;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at malaman ang layuning maipatupad na ang kaluwagang ipagkakaloob sa mga pwesto-piho o umuupa sa pwesto sa pamilihang bayan, alinsunod sa Kautusang Bayan Blg. 01-T2011 ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas at Lupon sa Pamilihang Bayan na irekomenda ang pagbibigay ng kapangyarihan sa Kagalang-galang Punong Bayan tungkol sa nasabing compromise agreement.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw, na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Rolando Moises E. Acapulco, Florencio C. Odejar, Jun M. Asinas at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Bigyang-kapangyarihan ang Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban na pumasok at katawanin ang pamahalaang bayan sa paglagda sa isang kasunduan ukol sa isang compromised agreement hinggil sa paraan ng pagbabayad ng umuukupa sa pwesto sa pamilihang bayan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Lisensya at Permiso, Tagapangasiwa ng Pamilihang Bayan, Sta. Cruz, Market Vendors at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 23, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

| | |
|---|---|
| **KGG. RAMON D. TAN**<br>Kagawad | **KGG. FLORENCIO C. ODEJAR**<br>Kagawad |
| **KGG. RIZALDY N. KALAW**<br>Kagawad | **KGG. LAURA P. OBLIGACION**<br>Kagawad |
| **KGG. JUN M. ASINAS**<br>Kagawad | **KGG. ROLANDO MOISES E. ACAPULCO**<br>Kagawad |
| **KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.**<br>Kagawad | **KGG. RONALD P. OBLIGACION**<br>Kagawad |
| **KGG. JOSE MAURO D. GABINETE**<br>Kagawad | |

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan